

## **Ikalawang Linggo ng Pangkaraniwang Panahon – Taon A**

*Is 49,3.5–6; 1 Cor 1,1–3; Jn 1,29–34*

*“Tinatawag / Nakadarama ng Pagtawag”*

### **PANIMULA**

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang batang babae ang nagbahagi sa akin ng kanyang pagkaramdam ng pagkaligaw at hindi niya tiyak kung aling landas ang kanyang tatahakin kapag natapos na niya ang kanyang pag-aaral. Ang bawat pinagpipilian niya ay parehong posible at nakakabigat sa damdamin. Isang gabi, habang siya ay naglalakad, may napansin siyang isang kumukislap na Liwanag ng kandila sa isang bintana. May kung anong hatid na lakas ng loob ang munting ilaw na iyon sa kanya. Doon niya naunawaan na ang pagtawag ay hindi lamang tungkol sa sariling pagpili ng landas—ito ay tungkol din sa pagtuklas sa paanyaya, sa suporta, sa tiwala, at sa lakas na ibinibigay sa atin mula sa labas ng ating mga sarili.

**Tinatawag, Nakadarama ng Pagtawag** —ito ay isang tema para sa bawat tao.

Bakit ako nakakaramdam ng pagtawag?

Ito kaya ay dahil sa aking mga talento at kakayahan?

O kaya dahil may isang tumatawag sa akin, na humahamon sa akin, na nagtitiwala sa akin, at nagbibigay ng suporta at lakas sa akin?

Ang mga pagbasa ngayon ay pumapatungkol sa ating bokasyon at sa ating pagpapatotoo sa pamamagitan ng ating Panginoon. Para sa isang saksi, hindi sapat na ang sinasabi nila ay tama —dapat na ito ay totoo rin. Kaya’t ating suriin ang ating mga pananalita at ang ating mga pamumuhay:

Sino ba talaga si Jesus para sa akin?

Itinuturo ko ba ang aking kapwa patungo sa Kanya sa paraan ng aking pamumuhay?

Ang pagdiriwang na ito ay nilalayong tulungan tayong harapin ang mga katanungang ito—para din sa ating ikabubuti.

Buksan natin ang ating mga puso para kay Jesus at pakinggan natin kung ano ang nais Niyang sabihin sa atin ngayon.

— *maikling katahimikan* —

### **Homiliya: “Masdan ang Kordero ng Diyos: Tinawag, Pinabanal, at Sinugo”**

#### **Isang Aral ng Lakas ng Loob Nagmula sa Kabataan**

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang babaeng nagbahagi ng kanyang alaala mula sa kanyang kabataan. Siya at ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki ay naglalaro minsan sa kabukiran nang biglang dumating ang isang malakas na bagyo na nagdulot ng matinding takot sa kanilang dalawa. Natigilan at hindi makakibo ang kanyang kapatid, ngunit hinawakan niya ang kamay nito at sinabing, “Huwag kang mag-alala, dadalhin kita pauwi.” Bagama’t bata pa, nagawa niyang akayin ang kanyang kapatid pauwi na ligtas. Kalaunan, napagtanto niya na nasilayan niya dito ang pag-aaruga ng Panginoong

Diyos: ang Kanyang proteksyon, paggabay, at ang tawag ng pagtulong sa kapwa, kahit na tila lampas ito sa kanyang kakayahan. Ang kuwentong ito ay sumasalamin sa mga Pagbasa ngayon na nahahango sa Banal na Kasulatan: tayo ay tinatawag, pinabanal, at sinugo, tulad ni Kristo na dumating sa mundo upang pasanin ang bigat ng kasalanan ng sanlibutan at inaanyayahan tayong makibahagi sa Kanyang misyon.

### **Masdan ang Kordero ng Diyos**

Sa Ebanghelyo, ipinahayag ni Juan Bautista: “Masdan ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan” (Juan 1:29). Mga salitang pamilyar, ngunit napakalalim ng kahulugan. Hindi sinabi ni Juan, “Masdan ang isang propeta,” o “Masdan ang isang guro,” kundi “Masdan ang Kordero ng Diyos.”

### **Ang Kordero bilang Pagpapalaya**

Ano ang ibig sabihin nito? Una, alalahanin natin ang Israel nuong sila ay nasa Ehipto. Sa Pasko ng Pagkabuhay, nagkatay ng isang kordero ang bawat mga pamilya upang ang anghel ng kamatayan ay dumaan at lumampas sa kanila at sila’y mailigtas mula sa pagkaalipin. Ang kordero ay naging sagisag ng kaligtasan. Itinuturo ni Juan ang pagpapalaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan—ang nag-iisang puwersang umaakit at bumibitag sa atin. Kalaunan, ang mga handog na kordero sa templo ay naglalayong magdulot ng pagtubos, ngunit wala ni isa ang lubos na nakapagkasundo sa sangkatauhan at sa Panginoong Diyos. Tanging ang Anak ng Diyos lamang ang makapag-aalay ng ganap na sakripisyo. Sa bawat Misa, ipinagdiriwang natin ang ganitong paghahandog ng Kanyang sarili, at inaanyayahan tayong tanggapin ang kaligtasan sa pamamagitan ng ating pananampalataya.

### **Ang Nagdurusang Alipin**

Ipinapaalala sa atin ni Isaias sa kanyang Awit ng Alipin: “*Siya’y dinala na parang tupasa katayan... upang tayo’y magkaroon ng kapayapaan sa Diyos*” (Isaias 53:7). Ang pagdurusang ni Hesus ay hindi lamang isang trahedya—ito ay isang mapagligtas na pag-ibig. May isang matandang parokiano na nagtanong minsan, “Ano ang dapat kong gawin kapag pakiramdam ko’y hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng katawan ng Diyos sa Komunion?” Ipinaalala ko sa kanya: kapag naririnig natin ang mga katagang, “*Masdan ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,*” ang ating kasalanan ay tinutubos. Ang ating pagtugon na, “*Panginoon, hindi ako karapat-dapat...*” ay naglalagay sa atin sa mapagligtas na mga kamay ng Kordero.

### **Tinawag sa Kabanalan**

Binibigyang-diin ni Pablo sa 1 Corinto ang pagtawag at ang dangal: “*Sa mga banal sa Corinto... na tinawag upang maging banal*” (1 Cor 1:2–3). Nakapagtataka! Ang mga banal ay banal hindi dahil sa sila ay karapat-dapat, kundi dahil si Kristo ay banal. Panggilayan natin ang isang alagad na nahihirapan sa kanyang ginagawa at maraming pagkakamali, ngunit inaalagaan at hinuhubog siya ng kanyang panginoon. Gayundin, tinatawag ng Diyos Ama ang bawat isa sa atin—ikaw man ay isang magulang, guro,

manggagawa, kapitbahay—na magpalaganap ng kaliwanagan saan man tayo nakatuntong. Ang ating lugar sa mundo ay hindi mapapalitan.

### **Pag-tabi upang Magpatotoo**

Ang tungkulin ni San Juan Bautista ay upang ituro tayo kay Hesus, at tumabi kapag kinakailangan. May isang nakatatandang boluntaryo sa isang parokya na ipinasa ang kanyang klase sa katesismo sa isang mas batang guro, sa pangambang wala na siyang halaga. Natuklasan niya ang kagalakan sa pagsaksi na nagpapatuloy ang misyon. Ang pag-tabi ay hindi nagpapababa ng patotoo; bagkus, tinitiyak nitong umuunlad ang misyon.

### **Biyaya at Kapayapaan bilang Saligan**

Isinulat ni Pablo: “*Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos Ama at sa Panginoong Hesukristo*” (1 Cor 1:3). Ang biyaya at kapayapaan ay mga kaloob—mga saligan ng pagkilos. Ipinapakita ito ni Hesus bilang Kordero ng Diyos: pinapasan ang mga pasanin, nag-aalok ng pagtubos, at tinatawag tayong maging saksi sa pag-ibig na nagpapalaya sa mga pamilya, kapitbahayan, at pamayanan.

### **Pag-uugnay ng Nakaraan, ng Kasalukuyan, at ng Hinaharap**

Iniuugnay ng pahayag ni Juan ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap: ang kordero ng Pasko ng Pagkabuhay, ang mga handog sa templo, at ang lingkod ni Isaias—lahat ay tungkol kay Kristo. Ang ating buhay Kristiyano ay ganito din ang paglalakbay: mula sa liwanag ng Pasko patungo sa krus, sa muling pagkabuhay, at patuloy na misyon. Kung titingnan lamang natin si Hesus bilang isang sanggol sa sabsaban, hindi natin makikita ang kabuuan ng kuwento. Ang Kordero ng Diyos ay ganap na nag-alay ng Kanyang sarili, nagpanumbalik ng pagkakasundo, at nagbibigay sa atin ng lakas upang ibahagi ang kanyang liwanag.

### **Pamumuhay sa Ating Pagkakatawag**

Ano ang ibig sabihin nito sa kasalukuyan? Kilalanin ang iyong tawag: ikaw ay kabilang sa mga “tinawag,” isang ilaw sa gitna ng dilim. Yakapin ang iyong dangal bilang isang banal—hindi dahil sa ikaw ay karapat-dapat, ngunit dahil ito kay Kristo. Maging tapat na saksi sa pamilya, sa trabaho, o sa pamayanan, na may katiyakang si Kristo ang nagdala ng pinakadakilang pasanin. Tanggapin ang biyaya at kapayapaan, at hayaang gabayan ng mga ito ang iyong mga kilos at mga ugnayan.

### **Pagpapakatawan sa Pag-ibig ng Diyos**

Isang pangwakas na kuwento ang sumasalamain sa nauna. Isang binata ang tumulong sa kaibigan na dumaraan sa karamdaman at pagkawala sa pamamagitan lamang ng kanyang presensya—pakikinig, pagdarasal, at pagbibigay ng suporta. Kalaunan, sinabi ng kanyang kaibigan, “Nadama ko ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan mo.” Ipinapakita nito ang ating tawag: ang ipamuhay at ipakita ang awa at liwanag ng Diyos. Pinasan ni Kristo ang bigat ng sanlibutan upang tayo’y makapagpatotoo sa ating buhay sa araw-araw.

**Wakas: Pagtungo sa Misyon**

Habang tayo'y lumalapit sa Eukaristiya, nawa'y ulitin natin kasama nina San Juan at San Pablo: *"Masdan ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."* Nawa'y ito ang ating pagnilayan, ating kaginhawaan, at ating tawag. Humakbang tayo sa mundo na muling nabago, dala ang biyaya, kapayapaan, at liwanag sa lahat ng ating makasalamuha. Amen.